



ERBUHAY

(english edition: www.verbuhaymagasin.com)

GABAY SA BIBLE SHARING

IKALIMANG LINGGO NG PASKO NG PAGKABUHAY (K) • MAYO 19, 2019

Tagapaghatid ng Pag-ibig



(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Gw 14:21-27)

²¹Noong mga araw na iyon: Nagbalik sina Pablo at Bernabe sa Listra, sa Iconio, at sa Antioquia ng Pisidia. ²²**Pinatatag nila ang kalooban** ng mga alagad at **pinagpayuhan na manatiling tapat sa pananampalataya**. “Magdaranas muna tayo ng maraming kapighatian bago makapasok sa kaharian ng Diyos,” turo nila sa kanila. ²³Sa bawat Simbahan, **humirang sila ng matatandang mamamahala**, at matapos manalangin at mag-ayuno, ang mga ito’y itinagubilin nila sa Panginoon na kanilang pinananaligan.

²⁴Tinahak nila ang Pisidia, at nakarating ng Panfilia. ²⁵**Ipinangaral nila sa Perga ang salita ng Diyos**, at pagkatapos ay bumaba sila sa Atalia. ²⁶Mula roon, naglayag silang

pabalik sa Antioquia. Dito sila nagsimula ng gawaing ginanap nila matapos silang itagubilin sa pagkakalinga ng Diyos.

²⁷Pagdating doon, **tinipon** nila ang mga **kaanib ng Simbahan at isinalaysay ang lahat ng ginawa** ng Diyos sa pamamagitan nila, at kung paanong binuksan niya ang daan upang makapanampalataya ang mga Hentil.

Tema: **Ang mga Pangmisyo’ng Gawain ng mga Apostol**

PAGPAPALIWANAG

- Ang Unang Pagbasa ay naglalarawan ng mapagkalingang gawain nila Pablo at Bernabe sa pagpapahayag ng Mabuting Balita ng Diyos.

PAGNINILAY

Ang teksto ay malinaw na naglalarawan ng mga mabubuting gawain ng mga apostol,

kung saan nagpahayag at nangaral sila tungkol sa Salita ng Diyos, na para sa kanila ay isang napakahalagang ipinagkatiwala na misyon ng Diyos para sa kanila.

SALMONG TUGUNAN (Slm 144) DIYOS KO AT AKING HARI, PUPURIHIN KITANG LAGI.

IKALAWANG PAGBASA (Pag 21:1-5)

Akong si Juan ay nakakita ng isang bagong langit at isang bagong lupa. Wala na ang dating langit at lupa; wala na rin ang dagat. At nakita ko ang Banal na Lunsod, ang bagong Jerusalem, bumababang galing sa langit buhat sa Diyos, gaya ng babaing ikakasal, gayak na gayak sa pagsalubong sa lalaking mapapangasawa niya. Narinig ko ang isang malakas na tinig mula sa trono, “Ngayon, ang tahanan ng Diyos ay nasa piling na ng mga tao! Mananahan siyang kasama nila, at sila’y magiging bayan niya. Makakapiling nila nang palagian ang Diyos at siya ang magiging Diyos nila. At papahirin niya ang kanilang mga luha. Wala nang kamatayan, dalamhati, pag-iyak, at sakit sapagkat lumipas na ang dating mga bagay.” Pagkatapos ay sinabi ng nakaupo sa trono, “Ngayon, binabago ko ang lahat ng bagay!”

Tema: **Ang Bagong Langit at Bagong Daigdig**

PAGPAPALIWANAG

- Ang teksto ay tungkol sa isang pangitain ng may akda tungkol sa bagong langit at lupa.
- Kasama sa bisyon ang bagong Jerusalem na inahahambing sa isang babaing ikakasal na maganda ang bihis at handing-handa na upang salubungin ang kanyang mapapangasawa (b.2).
- Ang b.3, ay nagsasalaysay ng paninirahan ng Diyos kasama ang kanyang mga tao.
- Sa panibagong mundo wala na ang kalungkutan at tukutyan ng nagapi ang kamatayan (b.4).

- Napapaloob naman sa b.5 ang pinaka-buod ng teksto: “Gagawin ko ang lahat ng bagay na bago”

PAGNINILAY

Wala ng mas hihigit pa sa pangitain na kung saan may “bagong langit at bagong daigdig”

MABUTING BALITA (Jn 13:31-33a,34-35)

Pagkaalis ni Judas mula sa Huling Hapunan, sinabi ni Hesus, “Ngayo’y mahahayag na ang karangalan ng Anak ng Tao; at mahahayag din ang karangalan ng Diyos sa pamamagitan niya. At kung mahayag na ang karangalan ng Diyos, ang Diyos naman ang maghahayag ng karangalan ng Anak, at gagawin niya ito agad. Mga anak, kaunting panahon na lamang ninyo akong makakasama. Isang bagong utos ang ibinibigay ko sa inyo: mag-ibigan kayo! Kung paanong inibig ko kayo, gayon din naman, mag-ibigan kayo. Kung kayo’y mag-ibigan, makikilala ng lahat na kayo’y mga alagad ko.”

Tema: **Ang Dalawang Diin: ang Pagdakila at ang Pag-ibig**

PAGPAPALIWANAG

- Ang teksto ay binubuo ng dalawang pinakadakilang tema tungkol sa tunay na karangalan at wagas na pag-ibig.
- Samantala, ang pangalawang bahagi ng Ebanghelyo ni Juan ay kilala rin bilang libro ng karangalan.
- Si Hesus ay nagpahayag ng kanyang napipintong paglisan. Babalik s’yang muli sa kanyang Ama na nagbigay karangalan sa Kanya at Siya ring binibigyan Niya ng karangalan.
- Ang bb. 31-32 ang naghahayag ng karangalan ni Hesus, ang Anak ng Tao. Hindi lamang ang Anak kundi pati ang Ama sa langit.

- Sa b.33 naman, si Hesus ay nagpapaalam na sa kanyang mga alagad, subalit sa kabila ng pag-papaalam Niya ay ang simula ng kanyang karangalan, sa pag-balik Niya muli sa langit.
- Panghuli, ang bb. 34-35 ay naghahayag ng isang dakilang utos na mahalín ang bawat isa dahil ang tunay na Kristyano ay ang siyang marunong magmahal ng tunay sa kanyang mga kapatid.

PAGNINILAY

Isang misteryo ang karangalan. Subalit tinutukoy nito ang gantimpala ni Hesus sa pagsunod niya sa lahat ng kalooban ng Ama. Kabaliktaran naman ng karangalan ng pag-akyat sa langit ay ang pagpapababa sa pagkamatay sa krus.

Silang mga tapat na tagasunod sa kautusan ng Ama ay ang mga karapat-dapat tumanggap ng walang hanggang gantimpala sa langit.

Hindi lang karangalan ang pinag-uusapan sa tekstong ito. Pinag-uusapan din dito ang wagas na pagmamahal sa kapwa natin. Kaya naman hangga't maari ang nagpapahayag ng mabuting salita ito ng Diyos ay pumili lamang ng isang paksa, maliban na lamang kung maraming oras pa ang nakalaan sa kanya.

Ang batas ng pag-ibig ay ang pagmamahalang nangangailangan ng parehas na pagtingin mula sa bawat isang umiibig.

Ang pag-ibig ay isang utos sa atin ng Diyos. Hindi lang ito puro sentimiento o nakaugnay sa pakiramdam (mood) ng isang tao.

Ito ay nagmumula sa Diyos mismo. Sa pag-ibig, ikaw ay nagmamahal kahit na wala ito sa pakiramdam na gawin ito.

Kinakailangang ang sukat ng isang tunay na pag-ibig ay nakabatay sa pagibig na meron si Kristo para sa kanyang mga alagad.

Marapat lang nating malaman na tayong lahat ay nilikha ng Diyos at tinatawag na magmahalan.

Ito ang batayan upang tayo ay matawag na tunay na disipulo ni Hesus.

Hindi lamang tungkol sa kung gaano kalawak ang nalalaman sa doktrina at bibliya ang sukat ng isang tagapagsunod ni Kristo, kundi sa paraan ng pagmamahalan natin sa bawat isa tulad ng pagpapatawad sa taong nakasakit sa atin o mabuting gawain ng mga apostol.

II. PAG-UUGNAY

Ang Unang Pagbasa ay patungkol sa sigasig ng mga apostol sa pagganap ng kanilang misyon. Sa Pangalawang Pagbasa naman ay tungkol sa panibagong langit at lupa. At ang ating Ebanghelyo naman ay tungkol sa utos ng Diyos na magmahalan ng tunay sa ating mga kapatid.





III. SALAMIN NG BUHAY

Ibahagi ang iyong karanasan kung saan nagkaroon ng isang malinis, totoo, at matahimik na eleksyon sa inyong lugar.

Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM
Isinalin ni Cl. Gleindolf T. Cadiz, SSP

(Pangwakas na Panalangin)

Mga Bagong Libro ng ST PAULS



PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak, at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Kung nais po ninyong makatulong sa ating *Biblical Apostolate*, maari pong magdonate ng *legal size na bond paper* sa:

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasasalamatang dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maaalaala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin. *Luwalhati...* (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)